JANUARY 2025 | ISSUE 31

# Project Update








## Interconnection Activity at Brgy. Lagundi to Balanti

**Narito ang pagbabalangkas ni Marifaye H. Ersando, Manager ng Commercial Division, kung bakit nagtataas ng singil sa tubig ang mga Water Districts at proseso ng pagpapatupad nito.**

**I. Katangian ng Local Water District (LWD)**

Ang water district ay isang non-profit local corporate entity na nagpapatakbo at nagpapanatili ng sistema ng supply ng tubig sa isa o higit pang mga lungsod o munisipalidad ng probinsiya. Ito ay itinatag sa batayan ng lokal na opsyon at, tulad ng Local Water Utilities Administration (LWUA), ay inuri bilang isang korporasyong pagmamay-ari at kontrolado ng gobyerno o GOCC. Ang isang water district (WD) ay pinamamahalaan ng Lupon ng mga Direktor (Board of Directors) sa pamamagitan ng isang General Manager.

**II. Mga pagkakataon na kailangan magtaas ng singil ang isang Water District dahil sa mga sumusunod na kadahilanan:**

**A.** Upang matugunan ang mga kinakailangang rehabilitation, development at para sa pagsasagawa ng mga proyekto na tutugon sa mga suliranin sa patubigan na ating kinakaharap sa ngayon.

**B.** Bukod sa isinasagawang mga proyekto, ang PLAWD ay may kasalukuyan na malalaking proyekto na naka programa na. Ang “ADB-LWUA Project for the Rehabilitation and Improvement of Plaridel Water Supply”.

Ito ay may layunin na:

- makapagbigay ng karagdagang supply ng tubig;
- makapaglagay ng malalaking tangke na iimbakan ng tubig;
- makapaglatag ng mas malalaking tubo na magdadala ng sapat na tubig sa mga lugar sa Plaridel na walang tubig o may mahinang pressure; at
- mapataas ang kalidad ng tubig.

**C.** Mas mataas na halaga ng supply ng tubig ang binabayaran ng PLAWD mula sa Bulacan Bulk dahil hindi na sapat ang nakukuhang tubig ng ating mga pump stations.

**III. Proseso sa pagpapatupad ng water rate increase**

Ang water rate increase ay ipinapatupad lamang pagkatapos na iharap ang mga ito sa isang pampublikong pagdinig at pagkatapos ng pagsusuri at pag-apruba ng LWUA.

Upang matiyak na ang karaniwang gumagamit ng tubig sa lalawigan ay kayang bayaran ang serbisyo ng tubig na ibinibigay ng distrito, ang water rate ay itinakda sa pamamagitan ng isang socialized pricing scheme. Ang malalaking gumagamit ng tubig tulad ng mga industriya at komersyal na establisimento ay sinisingil ng mas mataas na water rate na, sa katunayan, ay nagbibigay ng subsidyo sa mas maliit ngunit mas maraming mga mamimili ng tubig. Bilang karagdagan, nakatakda rin ang lifeline rate ceiling, katumbas ng 5% ng taunang kita ng mga nabibilang sa Low-Income Group.

Ang water rate, matapos maaprubahan ng LWUA, ay ipatutupad matapos ang pitong (7) araw mula sa pag anunsyo sa pampublikong lugar sa local ng water district.

Inaprubahan na ng Local Water Utilities Administration (LWUA) ang ating bagong taripa noon pang Nobyembre 7, 2024 sa bisa ng BOT Resolution No. 74 Series of 2024.

Ang Plaridel Water District ay magpapatupad ng pagbabago sa taripa ng tubig mula P124.00 patungong P170.00 para sa unang 10 kubikong metrong konsumo. Nauunawaan ng ating patubigan na malaki ang pangangailangan nito ngunit minabuting hindi biglain ang pagtaas ng ating taripa.

Kung kaya't ang ating panibagong taripa mula Marso 2025, ay sisingilin natin sa darating na Abril 2025. Masusing pinag-aralan ng pamunuan ang naturang pagtataas bago ito i-apply sa Local Water Utilities Administration (LWUA). Sanhi ito ng patuloy na pagtaas ng mga bilihin, pagtaas ng presyo ng krudo, pagtaas ng presyo ng mga materyales, at iba pang nakakaapekto sa pang araw-araw na operasyon ng ating patubigan.

Ang ating pong kasalukuyang taripa ay hindi sumasapat upang matugunan ang ating mga pangangailangan upang ipagpatuloy ang ating serbisyo at nasimulang mga proyekto na siyang naglalayong pag-ibayuhin ang ganda ng daloy ng ating katubigan sa buong bayan ng Plaridel.

Sa huli, inaasahan po namin ang inyong lubos na pang unawa at kooperasyon tungo sa tuloy-tuloy na magandang serbisyo ng ating patubigan. Maraming salamat po!

# G.A.D. Bloodletting Drive

## 66 Bags

## Poblacion, Plaridel, Bulacan

### January 22, 2025

















# Tipid Tubig Tips

1) Maglaba lang nang minsanan para iwas-aksaya.





2) Iwasan ang pagpa-Flush ng toilet bowl kung hindi naman kailangan.

3) Ipaayos agad ang mga sirang tubo.





4) Huwag hayaang bukas at dumadaloy ang tubig mula sa gripo habang naghuhugas sa kusina.




5) Gumamit ng baso habang nagsisipilyo.

JANUARY 2025 | ISSUE 31

# PLAWD Creative Team

Engr. Alvin



DM Justin



Bryan



Elias

